
# MGA TAGUBILIN SA PAG-SWAB SA SARILI

## PARA SA ANTIGEN RAPID TEST NG SD BIOSENSOR

## HUWAG MAGPATULOY KUNG:



Nakaranas ka ng pagdurugo ng ilong sa loob ng nakalipas na **24 na oras**



Sumailalim ka sa operasyon sa ilong sa nakalipas na **4 na linggo**



Nagtamo ka ng pinsala sa mukha sa nakalipas na **8 linggo**

## PAMAMARAAN NG PAG-SWAB

**1** Pakilinis ang iyong mga kamay bago simulan ang pagsusuri.



**2** Bago simulan ang pagsusuri, maglabas ng isang swab stick, isang test device, isang selyadong extraction buffer tube, at isang nozzle cap. Ilabas ang test device sa pakete nito.




**3** Alisin ang swab stick sa pakete.



**4** Ipasok ang swab stick sa butas ng ilong (~2cm) habang dahan-dahan itong iniikot. Iikot ang stick nang 10 na beses habang nasa loob ito ng butas ng ilong.





**5** Ulitin ito para sa isa pang butas ng ilong gamit ang parehong swab.




**6** Alisin ang selyo sa extraction buffer tube at ipasok ang swab sa extraction buffer tube upang maihalo. Habang pinipisil ang buffer tube, ihalo ang swab nang 10 beses.



**7** Pisilin ang reagent tube habang tinatanggal ang swab.




**8** Itakip nang mahigpit ang nozzle cap sa tube.




**9** Gamitin ang iyong daliri upang dahan-dahang tapikin ang gilid ng tube nang ilang beses. Makakatulong itong haluin ang solution.



**10** Maglagay ng 4 na patak sa sample well ng test cartridge.




**11** Maghintay nang 15 minuto bago tingnan ang mga resulta sa test cartridge. Ilagay ang cartridge sa patag na lugar habang ginagawa ito.




**12** Basahin ang mga resulta sa test cartridge. **Kung may makikita kang linya na lumalabas sa "C" at "T" na posisyon, nagsasaad ito ng positibong pagsusuri. Humingi ng medikal na pangangalaga para sa karagdagang pagsusuri at pangkumpirmang pagsusuri.**

**Kung may makikita kang linya na lumalabas lang sa "C" na posisyon**, nagsasaad ito ng negatibong pagsusuri.

**Kung may makikita kang linya na lumalabas lang sa "T" na posisyon**, invalid ang pagsusuri. Pakiulit ang pagsusuri sa isa pang test kit.




**13** Itapon ang lahat ng nagamit na swab stick, reagent tube, at test cartridge sa biohazard bag.



**14** Linisin ang iyong mga kamay pagkatapos ng pagsusuri.

